# The Family Learning Connection

Ang Konekyson sa Pag-aaral ng Pamilya

Pinag-iisa ang mga pamilya, tagapagturo, at komunidad

## Maglakad nang Magkakasama

Mga pamilya at guro, tulad ng landas na ating tinatahak,
Lahat nagtutulungan, tulad ng mga gisantes sa isang pod.
Tayo ay nasa paglalakbay, sa isang landas sa mga punong mataas,
Tinutulungan ang mga bata na lumaki, gumagabay nang napakadali.

Ang mga pamilya, ay tulad ng mga ugat, na nakabaon nang malalim sa lupa,
Ang mga guro, tulad ng mga gabay, ay ang karunungan sa buong paligid.
Nagtatanim tayo ng mga binhi ng pagkatuto, araw at gabi,
Pinapalago ang isip ng mga bata, hanggang sa kaya na nilang lumipad.

Minsan, may mga hamon, tulad ng mga nakaharang na kahoy sa daan,
Ngunit kung magkakasama natin itong haharapin, mangyari man ang anuman.
Aakyatin natin ang bundok, aabutin natin ang mga maliwanag na tala,
Kasama ang mga pamilya at guro, napakaganda ng pakiramdam.

Sa landas ng karunungan na ito, hinding-hindi tayo magkakahiwalay,
Mga pamilya at guro, isang pangkat tayo sa simula pa lang.
Sa bawat hakbang na ating gagawin, mas lalong tumitibay ang ugnayan natin,
Nang sama-sama, magtutulungan tayo sa paghubog ng kaisipan ng mga kabataan.

# MASAYANG PAMILYA SA PANAHON NG TAGLAMIG

MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

## LUMABAS

- Kasayahan sa Niyebe: Kung nababalutan ng niyebe ang iyong lugar, mag-enjoy sa mga aktibidad tulad ng pag-sled, pag-skate sa yelo, pagbuo ng snowman, o pakikipag-snowball fight sa mga kaibigan.
- Mga Paglalakad sa Kapaligiran: Magsagawa ng paglalakad sa kapaligiran sa taglamig at obserbahan ang mga pagbabago sa kapaligiran sa panahon ng mas malamig na buwan.
- Pagmamasid sa Mga Bituin: Sa maaliwalas na gabi, pumunta sa labas at pagmasdan ang mga bituin. Tingnan kung may makakakilala ng anumang konstelasyon.
- Mga Parke: Bumisita sa mga lokal na parke at maglaro kasama ang mga anak. Turuan sila ng larong masaya mong nilalaro noong bata ka pa.

## PUMUNTA SA IBANG LUGAR

- Bumisita sa Mga Museo: Pasyalan ang mga lokal na museo, sentro ng agham, o gallery ng sining para sa mga karanasang pang-edukasyon at nakakaaliw.
- Serbisyo sa Komunidad: Magboluntaryo bilang isang pamilya para sa isang lokal na proyekto ng kawanggawa o serbisyo sa komunidad, o bisitahin ang isang lokal na pasilidad ng pagkalinga.
- Mga Sentro ng Panloob na Paglalaro: Bumisita sa mga sentro ng panloob na paglalaro o parke ng trampoline at hayaang pagpawisan ang mga bata.
- Mga DIY na Eksperimento sa Agham: Magsagawa ng mga masaya at pang-edukasyong eksperimento sa bahay, tulad ng paggawa ng bulkan o lumalaking kristal.
- Mga Virtual na Paglilibot: Magsagawa ng mga virtual na paglilibot sa mga museo, zoo, o makasaysayang mga site online kung hindi isang opsyon ang paglabas.

## MGA PANLOOB NA GAWANG-KAMAY AT PROYEKTO

- Mga DIY na Gawang-Kamay: Gumawa ng mga gawang-kamay na may temang taglamig, tulad ng mga snowflake, papel na snowmen, o mga gawang-bahay na dekorasyon.
- Mga Eksperimento sa Agham: Subukan ang mga simpleng eksperimento sa agham sa bahay, tulad ng paggawa ng mga snowflake, o mga kristal na yelo.
- Paghuhurno: Magluto ng mga cookie, muffin, o iba pang pagkain nang magkakasama at palamutihan ang mga ito.
- Mga Board Game at Puzzle: Gumugol ng de-kalidad na oras sa paglalaro ng mga board game o paggawa ng mga puzzle bilang isang pamilya.
- Oras ng Pagbabasa: Magbasa ng aklat nang magkakasama bilang pamilya, o magpalitan ng pagbabasa sa bawat isa.
- Pagluluto nang Magkakasama: Isali ang iyong mga anak sa kusina sa pamamagitan ng pagluluto ng pagkain o subukan ang mga bagong recipe.
- Pagkukuwento: Hikayatin ang iyong mga anak na gumawa at magbahagi ng kanilang sariling mga kuwento. Mapapaunlad nito ang kanilang pagkamalikahain.
- Paggalugad sa Kultura: Galugarin ang iba't-ibang kultura sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagkain o gawang-kamay sa buong mundo.
- Mga Larawan ng Pamilya: Magkaroon ng sesyon sa pagkuha ng mga larawan ng pamilya o gumawa ng isang scrapbook para maipon ang mga masasayang karanasan.
- Pagtatanim: Kung mayroon kang mga tanim sa loob o isang maliit na hardin, isali ang iyong mga anak sa pag-aalaga sa mga ito.
- Pagsusulat ng Liham: Gumawa ng mga liham o email para sa mga malalayong kapamilya o kaibigan. Makakatulong ito sa mga bata para mapahusay ang kanilang kasanayan sa komunikasyon.
- Mga Larong Pang-edukasyon: Maglaro ng mga pang-edukasyong laro o app na nagpapasaya sa pag-aaral habang wala pa sila sa paaralan.
- Magplano ng Mga Paparating na Kaganapan: Makipagtalakayan at magplano ng mga bakasyon, pamamasyal, o mga espesyal na kaganapan para sa pamilya para sa paparating na taon.

# MGA RESOLUSYON PARA SA BAGONG TAON PARA SA MGA MAGULANG: MAKIBAHAGI SA MGA GAWAIN SA PAARALAN NG IYONG ANAK

## MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

Sa pagpasok natin sa bagong taon, pinakamainam na panahon ito para mag-isip tungkol sa mga resolusyon. Ang resolusyon ay isang pangako sa iyong sarili na gumawa ng mga positibong pagbabago. Paano naman ang tungkol sa paggawa ng ilang mga resolusyon para higit na makibahagi sa edukasyon at buhay-paaralan ng iyong anak? Narito ang ilang simpleng resolusyon na dapat isaalang-alang ng mga magulang.

MAGTAKDA NG LAYUNIN NA MAGBASA KASAMA NG IYONG ANAK NANG REGULAR. PUMILI NG MGA AKLAT NA MAAARING INTERESADO SILA. HINDI LAMANG NAKAKATULONG SA LITERACY ANG PAGBABASA NANG SAMA-SAMA KUNDI NAKAKALIKHA DIN ITO NG ESPESYAL NA ORAS PARA SA PAKIKIPAG-UGNAYAN.

GUMAGAWA NG PANG-ARAW-ARAW NA TRADISYON NA ITANONG SA IYONG ANAK ANG KANILANG ARAW SA PAARALAN. MAGTANONG NG MGA TANONG TULAD NG, “ANO ANG PINAKAMAHUSAY NA BAHAGI NG ARAW MO?” O “MAY MGA PANGYAYARI BANG NAGPASAMA NG LOOB MO NGAYON?”

MAGTAKDA NG LIMITASYON SA PANONOOD. GUMUGOL NG KARAGDAGANG ORAS SA PAGGAWA NG TOTOONG BUHAY NA MGA AKTIBIDAD, TULAD NG PAGLALARO, PAGGAWA NG MGA PROYEKTO, O PAMAMASYAL NG BUONG PAMILYA.

GUMAWA NG ISANG PAKIKIPAGKASUNDO PARA MAGBOLUNTARO SA PAARALAN NG IYONG ANAK O SA LOOB NG SILID-ARALAN. MAAARING MAKAGAGAWA NG MALAKING PAGKAKAIBA ANG IYONG PAKIKIBAHAGI AT IPAKITA SA IYONG ANAK NA MAHALAGA SA IYO ANG EDUKASYON.

Tandaan, ang mga resolusyon ay hindi tungkol sa pagiging perpekto; tungkol ito sa paggawa ng isang pagsisikap para mapabuti. Ang pinakamahalagang bagay ay ang pagiging nandiyan para sa iyong anak, ipakita sa kanila na nagmamalasakit ka, at maging isang positibong impluwensya sa kanilang pag-aaral. Sama-sama, magagawa nating maging maganda ang bagong taon para sa paglaki at pag-aaral ng ating mga anak!

# PAG-UNAWA SA MGA KINAKAILANGAN SA PAGTATAPOS SA HIGH SCHOOL SA TEXAS

MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

Habang umuunlad ang iyong anak sa kanyang pag-aaral, mahalagang malaman ang mga kinakailangan sa pagtatapos na kailangan nilang matugunan sa high school. Sa Texas, may mga partikular na alituntunin na dapat sundin ng mga mag-aaral para makapagtapos, at gusto naming tiyaking nasa iyo ang lahat ng impormasyong kailangan mo.

## MGA KREDITO AT PANGUNAHING PAKSA

Para makapagtapos mula sa isang high school sa Texas, kakailanganin ng iyong anak na makakuha ng isang tiyak na bilang ng mga kredito sa iba't ibang paksa. Kasama dito ang Ingles, matematika, agham, at araling panlipunan, at higit pa. Kakailanganin din nilang kompletuhin ang mga kurso sa mga paksa tulad ng pisikal na edukasyon at kalusugan. Ang bawat distrito ng paaralan ay maaaring magkaroon ng sarili nitong hanay ng mga kinakailangan, kaya napakahalagang makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak para maunawaan ang mga partikular na kinakailangan sa kredito.

## MGA PAG-ENDORSO

Nag-aalok ang Texas ng mga pag-endorso na nagpapahintulot sa iyong anak na tumuon sa mga partikular na larangan ng interes. Mayroong limang pangunahing pag-endorso, kabilang ang Negosyo at Industriya, Mga Serbisyong Pampubliko, Sining at Pagkamakatao, Pag-aaral na May Maraming Kasanayan, at STEM (Agham, Teknolohiya, Pag-iinhinyero, at Matematika). Ang iyong anak ay maaaring pumili ng isang pag-endorso na naaayon sa kanyang mga interes sa career at tumutulong sa kanila na maghanda para sa hinaharap.

## MGA PLANO SA PAGTATAPOS

Sa Texas, mayroong iba't ibang plano sa pagtatapos, tulad ng Inirerekomendang Programa sa High School (Recommended High School Program, RHSP) at ang Natatanging Programa ng Tagumpay (Distinguished Achievement Program, DAP). Nagtatakda ng mas matataas na pamantayan ang mga planong ito at nag-aalok ng mas maraming pagkakataon. Tutulungan sila ng paaralan ng iyong anak na piliin ang pinakaangkop na plano sa pagtatapos batay sa kanyang mga layunin at interes.

## MGA INDIBIDWAL NA PLANO SA EDUKASYON (INDIVIDUAL EDUCATION PLANS, IEPS)

Para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, ang mga indibidwal na plano sa edukasyon (IEPs) ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa mga kinakailangan sa pagtatapos. Binabalangkas ng mga planong ito ang mga partikular na akomodasyon at mga pagbabago para matulungan ang mga mag-aaral na magtagumpay. Kung may IEP ang iyong anak, makipagtulungan nang malapit sa paaralan para matiyak na natutugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan.

# PAG-UNAWA SA MGA KINAKAILANGAN SA PAGTATAPOS SA HIGH SCHOOL SA TEXAS

STAAR®
State of Texas Assessments of Academic Readiness

Sinusuri ng mga pagsusulit na Mga Pagtatasa sa Kahandaan sa Akademiko ng Estado ng Texas (State of Texas Assessments of Academic Readiness, STAAR) kung gaano kahusay ang iyong anak sa paaralan sa larangan ng akademiko. Tinitingnan nito ang iba't ibang paksa tulad ng pagbabasa, matematika, agham, at araling panlipunan. Nakakatulong ito sa mga guro at magulang na malaman ang mga kakayahan na mayroon ang isang bata, para matulungan silang makamit ang susunod na antas ng mga kasanayan. Ang mga pagsusulit na ito ay kinukuha simula sa ikatlong baitang at magpapatuloy hanggang sa ikalabing-isang baitang.

Ang mga pagsusulit na ito ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagtatapos ng high school. Kailangang makapasa ang mga mag-aaral sa mga partikular na pagsusulit sa STAAR para makapagtapos. Tinatasa ng mga pagsusulit na ito ang kanilang kaalaman at kasanayan sa mga pangunahing paksa. Kung nahaharap ang iyong anak sa mga hamon sa mga pagsusulit na ito, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa paaralan para sa suporta at mga opsyon.

Anong Maaaring Gawin ng Mga Magulang:

- Alamin kung kailan kukuha ng pagsusulit ang iyong anak sa STAAR.
- Tulungan ang iyong anak na magsanay kung kailangan nila ito.
- Makipag-usap sa mga guro ng iyong anak para makita kung gaano kahusay ang ginagawa nila sa paaralan.

## MGA PAPARATING NA PETSA

Nagbigay ang Ahensya ng Edukasyon ng Texas ng hanay ng petsa para sa bawat pagsusulit sa STAAR. Pumipili ang bawat distrito ng paaralan ng isang araw sa loob ng saklaw na iyon. Tiyaking suriin sa iyong distrito para sa mga tiyak na petsa.

- Pebrero 19-Marso 29: TELPAS na Baitang K-12 para sa Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat (Para sa Mga Nag-aaral ng Ingles sa Programa ng TELPAS.)
- Abril 9-19: Ika-3-8 Baitang na STAAR para sa Sining ng Wika sa Pagbasa, Ingles I, Ingles II
- Abril 16-26: Ika-5 Baitang na STAAR para sa Agham, Ika-8 Baitang na Agham, Ika-8 Baitang na Araling Panlipunan, Biyolohiya, at Kasaysayan ng U.S.
- Abril 23-Mayo 3: Ika-3-8 Baitang na STAAR para sa Matematika at Algebra
- Bago ang pagtatapos: Kompletuhin at magsumite ng Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral (Free Application for Federal Student Aid, FAFSA), kompletuhin at magsumite ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng Estado ng Texas (Texas Application for State Financial Aid, TASFA), o magsumite ng nilagdaang opt-out form.



# KUMPERENSYA SA BUONG ESTADO NG PFE SA 2024

## MAG-IWAN NG MARKA

Bawat taon, nagho-host ng kumperensya ang Inisyatiba sa Buong Estado ng Pakikibahagi ng Magulang at Pamilya (Parent and Family Engagement Statewide Initiative) para sa mga pamilya at pati na rin sa mga tagapagturo. Maaaring gamitin ng mga magulang ang pondo ng Titulo I, Bahagi A para makadalo. Makipag-usap sa iyong distrito tungkol sa kung papaano ito gagawin para maipadala ang mga magulang. Gaganapin sa Houston, Texas ang Kumperensya sa Buong Estado ng PFE sa 2024 sa Oktubre 16-18, 2024.

Ipino-post sa aming website ang Koneksyon sa Pag-aaral ng Pamilya (Family Learning Connection) nang apat na beses sa isang taon para sa mga magulang at tagapagturo sa Texas. Available ang pahayagang ito sa Espanyol, Vietnamese, German, Tagalog, at Korean pati na rin ang ibang wika sa pamamagitan ng aming account sa SMORE, sa PFE Texas.

TITLE I, PART A
Parent & Family ENGAGEMENT
STATEWIDE INITIATIVE

Titulo I, Bahagi A Inisyatiba sa Buong Estado ng Pakikibahagi ng Magulang at Pamilya
1601 S. Cleveland Street
Amarillo, Tx 79102
Telephone: (806)677-5166
t1pfe@esc16.net

Maaaring makuha ang Bibliograpiya para sa newsletter na ito sa aming website sa pfetexas.net

*Ang mga pananaw na ipinahayag ay hindi talagang ganap na mula sa Sentro ng Serbisyo sa Edukasyon ng Rehiyon 16, sa Titulo I, Bahagi A ng Inisyatiba sa Buong Estado ng Pakikibahagi ng Magulang at Pamilya (Parent and Family Engagement Statewide Initiative), o ang Ahensya ng Edukasyon ng Texas (Texas Education Agency). Ang lahat ng pananaw ng indibidwal o korporasyon ay mula mismo sa indibidwal o korporasyon.*